Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com ▯▯▯ Email: bulacan@deped.gov.ph

Disyembre 12, 2018

Sa mga: Hepe ng CID
Piling Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
At sa iba pang Kinauukulan

Ang Tanggapang Pansangay ng Bulacan, kaisa ang Kapisanan ng mga Guro sa Filipino (KaGuFil) ay isasagawa ang paglulunsad ng Ang Bulakenyo, Ang Opisyal na Pahayagan ng DepEd Bulacan sa darating na Disyembre 19, 2018 (1:30PM) sa SM Marilao Event Center, Marilao, Bulacan.

Kasabay nito ay ang pagbibigay ng parangal sa mga nagwagi bilang Natatanging Guro sa Araling Panlipunan, Filipino at Edukasyon sa Pagpapakatao. Ang bawat pararangalan ay inaasahang magsasama ng isang (1) mahal sa buhay at ang kanyang Punongguro.

Kasama sa mga dadalo ay ang mga sumusunod, ang kasuotan ay kaswal:

- Tagamasid Pampurok (EDDIS IV);
- Puno ng Paaralang Sekondarya (EDDIS IV);
- Pandistritong Tagapayo sa Pamamahayag (English at Filipino) ng Marilao;
- Opisyales ng KaGuFil;
- Patnugutan ng Ang Bulakenyo; at
- Mga Piling Panauhin.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot sa Paglalakbay ng mga dadalo.

Ang mga gastusin sa pagdalo sa gawain ay manggagaling sa pondong lokal ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang panuntunan sa pagtutuos at pag-aawdit.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
Blg. 271 , s. 2018